DSWD
Department of Social Welfare and Development

SHIELD AGAINST CHILD LABOR

# Si ELENA at ang kanyang mga pangarap



Department of Social Welfare and Development

SHIELD
AGAINST CHILD LABOR

# STRATEGIC HELPDESKS FOR INFORMATION, EDUCATION, LIVELIHOOD AND OTHER DEVELOPMENTAL INTERVENTIONS


**Editors**
ASec. Aleli B. Bawagan
Dir. Cezario Joel C. Espejo
OIC-Dir. Helen Y. Suzara
Ina Alleco R. Silverio
Rebecca B. Ballesteros

**Design and Lay-out**
**Graphics Editor**
Ivan P. Layag

**Illustration**
Edward D. Gonzales

**Produced by**
Social Technology Bureau
Social Marketing Service

**Developed by**
SHIELD National Technical Working Group

"Naku, alas-kwatro na pala! Kailangan ko nang tulungan si tatay sa tubuhan," sabi ni Elena.





"Kailangang makasakay
ako agad sa trak, kundi
pagagalitan ako ng amo
naming si Mang Edong!"



“Mahigpit ang kapit ko kay tatay dahil ayaw kong mahulog sa trak.”



Kahit walong taong gulang pa lamang si Elena, siya ay nagtatrabaho na sa tubuhan. Sa kanyang pagtatrabaho, siya ay nakabilad sa araw at madalas nasusugatan.



“Naku, magkakasakit na yata ako sa sobrang init ng araw. Pero kung tumigil naman ako, wala naman kaming kakainin.”

"Kada Linggo,
binibigay sa amin
ni Mang Edong ang
kinita namin. Siya
ang aming amo.
Magkano kaya ang
ibibigay sa akin?"



Mabuti pa sila … Sana ako rin.
Magkatulad kaya ang pangarap
naming maging guro paglaki?



Bumababa si Elena mula sa trak at naglakad pauwi. "Buti pa sila ay malayang nakakapaglaro. Bakit kaya ako ay hindi?"





Isang araw, may bumisita sa nanay at tatay ni Elena.

"Social Worker daw siya. Ang Social Worker daw ay tumutulong sa tulad naming mahihirap."






"Inanyayahan kami ng Social Worker na dumalo sa isang pag-uusap para maintindihan daw namin kung ano ang child labor at ang mga karapatan naming mga bata."

"Dahil sa pag-uusap na iyon, nalaman ko ang aking mga karapatan. May nakuha din sina tatay at nanay na impormasyon tungkol sa mga proyektong pangkabuhayan."






"Pagkalipas ng ilang panahon, ako ay naging iskolar. Sina tatay at nanay naman ay nabigyan ng puhunan pang-negosyo."





"Ang mga batang tulad ko ay dapat malusog, nakakapaglaro, at nakakapag-aral. Sana lahat ng bata ay ganito."



Kasabay ng pag-asenso ng negosyo nina tatay at nanay ay nakapag-aral na rin ako. Malusog na ako at malayang nakakapaglaro na rin. Sana lahat ng mga bata ay ganito na may mga pangarap na kayang abutin.

Nais ni Elena na maging guro paglaki niya. Tulungan mo siyang maabot ang kanyang pangarap. Ituro sa kanya ang tamang daan upang makapunta sa paaralan.



Ang librong ito ay binuo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Social Marketing Service (SMS) at Social Technology Bureau (STB) para sa mga bata partikular para sa mga child laborers sa mga pilot areas ng SHIELD against Child Labor Project.

Ang SHIELD ay isang proyekto ng DSWD sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya na naglalayong tumulong na labanan ang child labor, partikular na ang mga pinakamalalang uri nito na isinisagawa ng mga batang nagtatrabaho sa mga bukid o plantasyon, minahan, pagawaan ng paputok, kalsada, mga pabrika, at mga pribadong pamamahay.

Layunin ng librong itong maipaalam sa mga bata, pati na rin sa mga magulang ng mga child laborers at sa kani-kanilang komunidad ang mga panganib na dulot ng pagtatrabaho sa murang edad. Layon din ng libro na ipaalam sa mga bata ang reyalidad na nararanasan ng ibang mahihirap na bata. Kailangang mapigilan ang lumalalang problema ng child labor sa iba't ibang bahagi ng bansa, at maisulong ang adbokasiya ng National Child Labor Committee na magkaroon ng #1MBatangMalaya.

Nais ng librong ito na mahikayat ang publiko na ALAMIN. KUMILOS. TUMULONG. upang mawakasan ang child labor sa Pilipinas.

DSWD
Department of Social Welfare and Development

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

#DSWDMayMalasakit #DSWDParaSaNakakarami

dswdserves dswd.gov.ph

All Rights Reserved 2017

Developed by
SHIELD National Technical Working Group